

Magsisimula na ang reserbasyon o pagkuha ng appointment para sa NCoVid-19 vaccine.


Ang bakuna ng NCoVid-19 para sa mga edad 65 taong gulang pataas (ipinanganak hanggang Abril 1, 1957) ay magsisimula na. Ang simula ng reserbasyon ay magkakaiba depende sa edad.

2 beses ang bakunang ito. Ito ay walang bayad. Magpabakuna hanggang Agosto 31, 2021.


Ang vaccination coupon ay ipadadala sa pamamagitan ng koreo sa address na nakasaad sa inyong *juuminhyou* (residence registration certificate) sa Abril 20, Martes.

Huwag itapon ang vaccination coupon na nasa loob ng sobre hangga`t hindi natatapos ang 2 beses na bakuna.


Kakailanganin ang card na ito sa pagpapabakuna.
Huwag itatapon hangga`t hindi kumpleto ang 2 beses na bakuna.



Sobre



Vaccination coupon



Health questionnaire

Araw ng pag-uumpisa ng reserbasyon ※Mula sa mga may matatanda

Ipinanganak hanggang Abril 1, 1942	Ipinanganak hanggang Abril 2, 1942~ Abril 1, 1947	Ipinanganak hanggang Abril 2, 1947~Abril 1, 1952	Ipinanganak hanggang Abril 2, 1952~Abril 1, 1957.
Mula Mayo 7, 2021	Mula Mayo 12, 2021	Mula Mayo 17, 2021	Mula Mayo 21, 2021

Lugar kung saan magpapabakuna

「Pagamutan na lagi ninyong pinupuntahan (kung saan kayo nagpapagamot) , o kaya naman ay sa pampublikong vaccination venue (Inuyama City Hall, Shimin Kenkoukan)」

Address : Inuyama City Hall (Inuyama-shi, Ooaza Inuyama, Aza Touhata 36 banchi)

Nanbu Kouminkan (Inuyama-shi, Haguro Surusumi 11)

※ Ito ay malaking community center sa Haguro.

Shimin Kenkoukan (Inuyama-shi, Ooaza Maebara Aza Hashizumeyama 15-2)

Mga dapat pag-ingatan

• Ang ika-2 bakuna ay isasagawa sa ika-3 linggo sa kaparehong araw ng unang bakuna. Kuhanin ang appointment o reserbasyon para sa 2 beses na bakuna.

Hal.) Ang unang bakuna ay May 15, Sabado. → Ikalawang bakuna ay sa June 5, Sabado.

• Hindi maaaring magpabakuna ng ibang uri 2 linggo bago tumanggap ng NCoVID-19 vaccine.

Para sa mga katanungan

Inuyama City 『Appointment・Consultation』 Call Center (Lunes~Sabado : 9:00 ng umaga~5:00 ng hapon)

TEL : 0568-39-5795

Wika : Ingles (Lunes~Sabado) , Espanyol・Portuges (Lunes・Miyerkules・Biyernes)

Paano magpa-appointment (Daloy ng proseso hanggang sa araw ng bakuna)

- Una, ihanda ang vaccination coupon.
- ※Sa pagpapa-appointment, hihingin sa inyo ang coupon number na nakasulat sa vaccination coupon.



- May regular na pinupuntahang pagamutan para sa treatment ng inyong sakit sa Inuyama City?

Wala, ako ay magpapabakuna sa pampublikong venue.

Mayroon

- Sasangguni kung maaaring magpabakuna sa regular na pinupuntahang pagamutan.

Hindi maaari, sa pampublikong venue magpapabakuna.

Maaari.

- Tiyakin ang paraan ng pagkuha ng appointment.
- A: Maaaring magpa-appointment sa regular na pinupuntahang pagamutan.
- B: Pinayuhang magpa-appointment sa Appointment・Consultation Call Center o sa web site.

- Tumawag sa Inuyama City 『Appointment・Konsultasyon』 Call Center o magpa-appointment sa website.

Call center TEL : 0568-39-5795

WEBSITE : <https://area34.smp.ne.jp/area/switch/00002G0006F2IDk17E/resLoginSwitching>

May access in mula sa QR code sa ibaba. Sa wikang Nihongo lamang.



A

B

- Sundin ang payo ng regular na pinupuntahang pagamutan.

《Sa araw ng bakuna》

- Pumunta sa pagamutan o pampublikong venue sa oras ng inyong appointment.

《Dapat dalhin sa araw ng bakuna》

- Vaccination coupon (Dalhin ito nang hindi inaalis ang sticker.)
- Nasulatan nang health questionnaire ※Ang Tagalog na health questionnaire ay maaaring i-download mula sa QR code na nasa kanan.
- Dokumentong mapapagkilanlan (Driver`s license, Health Insurance card, Residence card, My Number caard, atbp.)

※Walang interpreter sa pampublikong venue kung saan isasagawa ang bakuna. Magsama ng marunong mag-nihongo. Maaaring makapasok ang 1 interpreter at 1 caregiver sa venue.

